**GRADE V**
**PAGPAPAGANDA NG TAHANAN**

## ALAMIN MO



***Pangarap mo bang tumira sa isang maayos at magandang tahanan? Sabi nga, kahit maliit ang isang tahanan basta't maayos, malinis at angkop ang mga bagay at palamuting ginamit ay tiyak na maganda ang tahanan.***

***Ang modyul na ito ang tutulong sa iyo upang mabigyan ka ng sapat na kaalaman sa pag-aayos at pagpapaganda ng tahanan.***

## PAGBALIK-ARALAN MO

**May mga bugtong akong inihanda sa iyo. Hanapin mo ang mga kasagutan sa loob ng kahon. Isulat sa kuwaderno ang iyong sagot.**

| | | |
|---|---|---|
| bunot | basahan | |
| mop | walis tambo | brush o escoba |
| pandakot | walis tingting | |

1. Ako'y galing sa larangang
   bilog na biniyak, kapag
   tinatapakan at ipinunas sa
   sahig ay kikintab.

   Sagot: __________

2. Ito'y isang gamit
   upang tuluyang maalis
   mga basurang nakasingit
   at mga duming nakasabit.


   Sagot: __________

3. Alikabok sa kuwarto mo
   Inaalis at pinapawi ko
   Ano ako? _____

4. Ako ay kapirasong damit
   Na nasa mesa mo ay
   nagpapahid
   Ano ako? _____

5. Ako'y panlinis ng
   maruming sahig
   May hawakan akong
   mahaba at tuwid.
   Ano ako? _____

6. Lahat ng duming naipon
   Pinupulot ko't itinatapon
   Ano ako? _____





## PAG-ARALAN MO

Basahin ang liham na ginawa ni Zeny sa "Sagot Kita T.V. Program." Natitiyak kong magiging inspirasyon mo ito.

Bgy.Mabuhay
Sta. Cruz, Marinduque
Agosto 21, 2012

Sagot Kita T.V. Program
BCA Network
Quezon City

Sa Kinauukulan:

Kumusta na po kayo? Alam ko po na mabuti kayong tao kaya't ako ay nagkaroon ng lakas ng loob na kayo ay sulatan.

Maaga pong namatay ang aming ama. Ang gawain po ni inay ay ang paglalako ng ulam at kakanin. Panganay po ako sa apat na magkakapatid na pawang nasa mababang paaralan.

Pangarap ko na sana'y magkaroon ng kasangkapan sa pamamagitan ng inyong palatuntunan. Sana po ito ay magkaroon ng katuparan. Ang magkaroon ng mesang kainan, silyang upuan at kamang tutulugan ay pinapangarap ko.

Sana'y matulungan po ng inyong programa ang aming kalagayan.

Salamat po!


Naghihintay,

Zeny dela Cruz

- Makalipas ang dalawang buwan nabigla si Zeny sa malaking sasakyang tumigil sa kanilang bahay. Dala ang mga kasangkapan at may kasama pang tagapag-ayos ng bahay.




| | | |
|---|---|---|
| Interior Designer | : | Aayusin at pagagandahin po namin ang inyong tahanan. Susunod lang po tayo sa mga tuntunin ng pag-aayos at pagpapaganda nito. |
| Zeny | : | Makikinig po ako sa inyo. |



**SILID TANGGAPAN**

1. Panatilihin mong malinis ang sala sapagkat dito mo tinatanggap ang bisita.
    - Ang malaking muwebles ay dapat nakaayon sa dingding.
    - Ang mga silya ay magkaharap upang maging maayos ang pag-uusap ng nakaupo.
    - Ang sulok na bahagi ay may angkop na muwebles upang makadagdag ng ganda sa silid.
    - Ang piyano, telebisyon at palamuting halaman ay makatutulong din sa pagpapaganda ng salas.
    - Ang kurtinang babagay sa silid at mga larawang pangdekorasyon ay maaaring isabit din sa dingding.


2.



**SILID-KAINAN**


- Ang mesang kainan, mga silya at estante ay pangunahing kasangkapang makikita sa silid-kainan.
- Upang maging makulay ang mesang kainan, maaari mong lagyan ng prutas ang prutera o kaya'y bulaklak na nasa mababang lalagyan.
- Ang mga larawang may kaugnayan sa pagkain ay maaaring isabit sa dingding.

3.



**SILID-TULUGAN**

- Ang silid-tulugan ay kailangang maayos.
- Ilagay ang kama sa tabi ng dingding o malapit sa palikuran upang madaling puntahan kung gabi.
- Maglagay sa silid-tulugan ng larawan ng mag-anak.


4. 

**SILID LUTUAN**

- Ang kusina ay dapat maging malinis sapagkat dito tayo naghahanda ng pagkain.
- Isaalang-alang ang apat na sentrong matatagpuan tulad ng:

    * lutuan
    * hugasan
    * taguan
    * gawaan ng pagkain

- Ang kusina ay may iba’t ibang hugis.



L-shaped kitchen U-shaped kitchen one-wall shaped kitchen

- Ang mga kabinet ay maaaring nasa ilalim ng gawaang lugar o itaas ng bahaging gawaan.

Ano kaibigan natatandaan mo bang lahat? Aba! Ayos ka talaga . . .

- Ang magandang tahanan ay kailangan na malinis at maayos sa tuwina.
- Ang mga muwebles ay ilagay sa tamang lugar.
- Ang palamuti ay kailangang payak.

- Ang kulay ng kurtina at mga sapin sa mesa ay dapat angkop sa iba pang kasangkapan.

## SUBUKIN MO

Subukin mong sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano-ano ang mga silid ng isang tahanan?
2. Itala o isulat sa kuwaderno ang mga kasangkapang dapat makita sa bawat silid gayundin ang mga palamuting maaaring ilagay sa bawat silid.

## TANDAAN MO

May mga paraan ng pag-aayos at pagpapaganda ng tahanan na kailangang sundin.

## ISAPUSO MO

Panuto: Basahin at unawain ang sitwasyon. Isulat mo sa kuwaderno kung anong kanais-nais na asal ang ipinahahayag sa bawat bilang.

1. Nilinis ni Ruby ang mesang gawaan bago pumasok sa paaralan. Anong uri ng bata si Ruby? ____________

2. Ang mantel sa mesa ay mula sa patapong bagay na ginawa ni Jose. Si Jose ay isang batang ____________.

3. Nilinis ni Leny ng disinfectant ang inodoro upang maiwasan ang pangangamoy at mamatay ang mikrobyo. Si Leny ay batang ____________.

4. Ang kurtina ay inayos ni Josie sa silid. Si Josie ay batang ____________.

5. Sa paglipat ng kasangkapan, inuuna ni Liezel ang malalaking muwebles pagkatapos ay ang maliliit na kagamitan. Si Liezel ay isang batang____________.



## GAWIN MO

Isulat mo sa iyong kuwaderno ang mga kasangkapan at kagamitan sa iyong silid tulugan at sala.




## PAGTATAYA

Panuto: Isulat ang Oo sa kuwaderno kung ang pangungusap ay tama at Hindi kung ito ay mali.

1. Ang kama sa silid-tulugan ay dapat ilagay sa gitna ng silid.
2. Ang estante ng mga gamit sa kusina ay iayos sa salas.
3. Ang larawan mo sa kwadro ay dapat isabit sa dingding sa sala.
4. Sa kusina matatagpuan ang sentro ng hugasan, lutuan at taguan ng kasangkapan.
5. Ang paglilinis, pagpapaganda ng tahanan ay isang gawaing dapat pagtulung-tulungan ng buong mag-anak.

Rubriks

| | | |
|---|---|---|
| 5 | - | Lubos na kasiya-siya |
| 4 | - | Higit na kasiya-siya |
| 3 | - | Kasiya-siya |
| 2 | - | Hindi kasiya-siya |
| 1 | - | Nangangailangan ng tulong |



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging Pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**

